

Action Guidelines Para sa Business Partner

I. Kahilingan Para sa at Mga Layunin ng Guidelines

Tuloy-tuloy na pinagsisikap ng SEVEN&i Group na maging taimtim na kompanya na pinagkakatiwalaan ng iba't ibang stakeholder na sumusuporta sa mga gawain ng aming korporasyon, tulad ng "mga kostumer, mga business partner, mga shareholder, lokal na mga komunidad, at mga empleyado". Nakasaad ito sa "kredo ng kompanya" mula noong pagtatag ng korporasyon, at tunguhin namin na gawing lubusang maiintindihan ng lahat ng empleyado ang "Action Guidelines Para sa Business Partner ng SEVEN&i Group".

Ngayon, may kaugnayan sa globalisasyon ng ekonomiya at sa pagkakaroon ng iba't ibang uri ng pangangailangan ng mga stakeholder, mahigpit na hinihilingan ang mga korporasyon, bilang bahagi ng pananagutan sa lipunan, na tumupad sa pananagutan sa pagnenegosyo sa paraang siguradong sumunod sa mga batas at tuntunin, itaguyod ang pagpapanatili ng kapaligiran, at isaalang-alang ang kalagayan sa pagtatrabaho ng buong supply chain na kasali rito ang mga business partner, may kaugnayan sa mga produkto at serbisyo na inaasikaso ng mga korporasyon mismo.

Sa liwanag ng ganitong mga kalagayan, binuo ng Kompanya ang "SEVEN&i HLDGS. Action Guidelines Para sa Business Partner ("Guidelines")" noong 2007, at nirebisa ito noong 2017. Isinaalang-alang ng Kompanya na, sa pamamagitan ng pag-unawa at pagpapatupad sa Guidelines ng direktang mga business partner ng bawat kompanya sa loob ng grupo nito, hindi lamang gagawing posible ang matatag na mga gawain sa pagnenegosyo ng kapuwa mga business partner at bawat kompanya sa loob ng grupo nito, tulad ng pagbawas ng panganib ng paghinto sa negosyo dahil sa paglabag sa mga batas at tuntunin at pag-iwas ng pag-boycott ng kostumer na magsisimula sa ganitong pangyayari, kundi hahantong din ito sa pagmamantini at pagpaparami ng kaligtasan at dami ng produkto. Bukod pa, sa pag-unawa at pagpapatupad sa saloobin ng grupo ng kompanya at tunguhin ng Guidelines hindi lamang ng direktang mga business partner kundi rin ng mga nagsusuplay na mula sa kanila ay nakukuha ng mga business partner ang mga produkto at raw material na gagamitin ng kompanya, kumbinsido kami na makukuha ang higit na pagtitiwala ng iba't ibang stakeholder at saka makakatulong sa pagkakaroon ng mapapanatiling lipunan, at magkakasamang iiral at uunlad.

Dahil sa paniniwalang ito, pinapakisuyuan ang mga business partner na pasulungin ang sistema upang sumunod sa Guidelines sa inyong kompanya at ng nagsusuplay din sa inyong kompanya.

Dito ay taimtim kaming humihingi ng pakikipagtulungan ng aming mga business partner.

Abril 2017

Ryuichi Isaka

SEVEN&i HLDGS. Co., Ltd.

President and Representative Director

II. Action Guidelines Para sa Business Partner ng SEVEN&i Group

Hinihingi ng SEVEN&i Group hindi sa mga business partner mismo lamang, kundi sa nagsusuplay din na mula sa kanila ay nakukuha ng mga business partner ang mga produkto na gagamitin ng SEVEN&i Group, na maunawaan, ipaunawa, at ipatupad ang mga pamamaraan may kaugnayan sa sumusunod na mga bagay. Maaaring pansamantalang pahintuin ang mga transaksyon o maaaring maputol ang pagkokontak kung madidiskobre ang anumang paglabag sa Guidelines.

1. Pagsunod sa Legal

1. Pagsunod sa kapuwa mga probisyon at katangian ng mga batas na maikakapit sa bawat bansa at rehiyon at may kaugnayan sa internasyonal na mga tagubilin.
2. Pagbuo ng mga patakaran, paggawa ng mga sistema, pagpapatupad ng pagsasanay, pagpapasulong ng mga sistema para sa panloob na pagrereport, at iba pa para sa layunin ng pagsunod sa legal.

2. Paggalang sa Karapatang Pantao at Dignidad

Ang karapatang pantao at dignidad ng lahat ng indibiduwal na kasali sa kanilang gawain sa pagnenegosyo ay igagalang.

1. Ang paraan ng pagbuo ng mga lugar para sa pagtatrabaho kung saan ang iba't ibang uri ng indibiduwal ay makakagawa sa buong kakayahan ay dapat hanapin.
2. Hindi papayagan ang mga bata na magtrabaho, na ipinagbabawal sa ilalim ng ILO Conventions at maikakapit na lokal na mga batas.
3. Dapat magtrabaho ang lahat ng trabahador gamit ang sariling kalayaang magpasiya, at walang magtatrabaho na sapilitan. Hindi dapat hingan nang di-makatuwiran ang mga trabahador na magsumite ng kanilang mga ID certificate o na magbayad ng deposito.
4. Pagbabawal ng diskriminasyon base sa lahi, nasyonalidad, relihiyon, kasarian, edad, kapansanan, seksuwal na oryentasyon*, pagkakakilanlan sa kasarian*, mga gawain may kaugnayan sa unyon ng manggagawa o sa politika, at pagbibigay ng pantay-pantay na oportunidad sa trabaho, suweldo, promosyon, paglipat ng lugar ng trabaho, pagsasanay, pagpapaalis o pagbitiw sa trabaho.
5. Dapat walang pisikal na parusa, o panliligalig sa pisikal, sikolohikal, o sa seksuwal.

* Seksuwal na oryentasyon: Saligang pantaong seksuwal na pagkahilig may kaugnayan sa kung aling kasarian idinidirekta ang interes sa pag-ibig o interes sa seksuwal ng tao.

* Pagkakakilanlan sa kasarian: Konsepto o kaisipan ng isa kung sa aling kasarian nabibilang ang indibiduwal.

3. Trabaho at Kapaligiran ng Lugar Para sa Pagtatrabaho

Dapat patrabahuhin ang lahat na indibiduwal na kasali sa mga gawain sa pagnenegosyo sa maayos na paraan sa kalinisan, kapaligiran sa pagtatrabaho na praktikal at mabait sa nagtatrabaho na isinasaalang-alang ang kaligtasan at kalusugan.

1. Sa pagsisimula ng trabaho, dapat gawin ang angkop na kontrata sa pagtatrabaho sa magtatrabaho na sumusunod sa maikakapit na lokal na mga batas.
2. Dapat sundin ng oras ng pagtatrabaho ang maikakapit na lokal na mga batas.
3. Dapat sundin ng oras ng pagtatrabaho ang maikakapit na lokal na mga batas. Dapat paglaanan ang mga nagtatrabaho ng angkop na pahinga at mga holiday na nakatalaga na sumusunod sa maikakapit na lokal na mga batas.

4. Dapat bayaran ang mga nagtatrabaho ng minimum wage o mas marami na sumusunod sa maikakapit na lokal na mga batas. Dapat bayaran ang mga nagtatrabaho para sa kanilang overtime na trabaho ayon sa o higit sa anumang patiunang naitakdang rate ayon sa batas.
5. Hindi dapat hilingan ang overtime na trabaho na walang pagsang-ayon ng nagtatrabaho.
6. Hindi dapat gamitin ang kabataang nagtatrabaho sa gabi at / o sa kalagayan ng trabaho na delikado.
7. Dapat tiyaking ang mga gusali para sa lugar ng pagtatrabaho ay may sapat na tibay upang magarantiya ang kaligtasan ng mga nagtatrabaho, at na ang mga pahintulot at pag-aproba sa ilalim ng lokal mga pamantayan para sa gusali may kaugnayan sa mga batas at regulasyon, at na ang mga gusali ay angkop na ininspeksyon at pumasa na sa pagsisiyasat.
8. Dapat may mga emergency exit, mga ruta para sa paglikas, at mga sign sa lugar para sa pagtatrabaho, at dapat isagawa ang regular na pag-inspeksyon at pagsasanay para sa paglikas.
9. Dapat magamit ng mga nagtatrabaho ang malinis na mga CR at may mainom na malinis ang tubig, at hindi dapat malimitahan ang paggamit ng mga iyon sa oras ng trabaho.
10. Dapat paglaanan ang mga nagtatrabaho ng kinakailangang mga materyal para sa kanilang trabaho, kasali rito ang personal na gamit para sa proteksyon, mga information display, at pagsasanay.
11. Kung paglalaanan ng pabahay ang mga nagtatrabaho, dapat ilaan sa kanila ang ligtas at malinis na kapaligiran sa pamumuhay.
12. Dapat sundin ang mga batas may kaugnayan sa benepisyo ng nagtatrabaho, at dapat hanapin ang paraan para sa pagbuo ng programa para sa benepisyo ng nagtatrabaho na makakatulong sa kanila na gawin ang kanilang mga trabaho na walang masyadong pag-alala.
13. Dapat pasulungin ang maayos na kaugnayan para sa pangangasiwa sa pagtatrabaho sa pamamagitan ng taimtim na usapan at pagkikipag-usap sa mga nagtatrabaho. Dapat igalang ang mga karapatan ng mga nagtatrabaho para sa kalayaan sa asosasyon.

4. Pangangalaga sa Kapaligiran ng Buong Lupa

Dapat gawin ang pagnenegosyo habang isinasaalang-alang ang kapaligiran ng lupa sa lahat ng aspeto, gaya ng sa pagkuha ng raw material, paggawa at pagsusuplay sa paraang makakatulong sa pagpapasulong ng mapapanatiling lupunan.

1. Dapat sundin ang maikakapit na mga batas may kaugnayan sa kapalitiran, mga regulasyon, at international na mga kasunduan.
2. Dapat walang paggamit ng kemikal na sustansya na ipinagbabawal sa ilalim ng internasyonal na mga kasunduan o lokal na batas, o ng mga kompanyang ipinatatakbo ng SEVEN&i Group. Dapat asikasuhin ang basura, usok, at maruming tubig upang maiwasan ang polusyon sa kapaligiran.
3. Pagkuha ng maayos na pag-unawa sa mga epektong maidudulot ng mga pagnenegosyo sa kapaligiran.
4. Dapat hanapin ang paraan para sa pagtitipid ng enerhiya upang mabawasan ang pagbabago ng panahon, at dapat bawasan ang emisyon ng greenhouse gas.
5. Dapat makuha ang mga raw material sa paraang mapapanatili upang maiwasan ang pag-ubos ng likas na kayamanan at habang isinasaalang-alang din ang kapaligiran sa paggawa.
6. Dapat intindihin ang kahalagahan ng pagkasari-sari ng buhay, at iyon ay dapat ingatan.

5. Kaugnayan sa Lokal at Internasyonal na Mga Komunidad

Paggalang sa mga kultura at kaugalian, at iba pa, ng mga bansa at rehiyon kung saan isinasagawa ang mga pagnenegosyo, at pakikipagtulungan para sa pagpapasulong ng mapapanatiling lupunan.

1. Pag-unawa sa iba't ibang sosyal na mga isyu may kaugnayan sa lokal at internasyonal na mga komunidad sa pamamagitan ng mga usapan, at pagtulong sa solusyon ng ganitong mga isyu sa pamamagitan ng pakikipagtulungan, pagtutulungan, at pagnenegosyo, ng ibang mga tao.
2. Walang asosasyon sa mga grupo ng sindikato, mga miyembro ng mga iyon, mga kompanya at grupong may kaugnayan sa mga iyon, mga corporate racketeer (sokaiya), mga grupong sumasali sa mga gawaing kriminal sa ilalim ng kunwaring dahilan ng pangangasiwa sa mga kampanya sa lipunan o mga gawaing pampolitika, at mga grupong gumagawa ng intellectual na mga krimen, o ibang mga puwersang lumalaban sa lipunan.

6. Pangangasiwa ng Impormasyon

Angkop na pagmamantini ng impormasyong nakukuha habang nagnenegosyo.

1. Upang maiwasang magleak o nakawin ang impormasyon, dapat mahigpit na kontrolin ang impormasyon at personal na data na nakukuha habang nagnenegosyo.
2. Dapat gamitin ang ganitong impormasyon para lamang sa itinakdang mga gawain sa pagnenegosyo. Kaya, hindi iyon dapat gamitin para sa anumang ibang mga pagnenegosyo o pribadong mga layunin, o ng ibang tao.

7. Pagtiyak sa Kaligtasan ng Produkto

Pang mailaan ang ligtas at maaasahang kalakal sa mga kostumer na gagamit ng mga iyon, dapat hanapin ang paraan upang masunod ang mga pamantayan sa kalidad ng may kaugnayan na mga kompanyang ipinatatakbo ng SEVEN&i Group at ang mga bagay na itinakda na nasa ibaba:

1. Susundin ang legal na mga pamantayan na itinakda kapuwa sa bansa kung saan ginagawa at sa bansa kung saan ibinebenta.
2. Isisiwalat ang kinakailangang impormasyon may kaugnayan sa mga produkto at serbisyo sa napapanahon at tamang paraan.
3. Sa pag-unawa sa posibleng disbentaha ng ating mga kostumer (mga kostumer na gagamit ng mga produkto), isisiwalat ang impormasyon na may kaugnayan sa mabilis at tamang paraan upang matanggal ang dahilan ng, o upang maiwasan ang pagbuo ng disbentaha, at dapat pangasiwaan ang pamamaraan upang maiwasan ang pagkakalat ng disbentaha bilang pinakaprioridad.
4. Pangangasiwa sa pagkuha ng mga gawain habang isinasaalang-alang ang epekto sa lokal na komunidad ng paggamit ng mga raw material na puwedeng magpangyari sa mga isyu sa lipunan gaya ng may kaugnayan sa karapatang pantao at kapaligiran, at pagpapatupad ng pamamaraan upang maiwasan ang paggamit ng ganitong mga raw material sa kaso ng anumang ikababahala dahil sa mga iyon.

8. Makatarungang Pagpapatupad sa Pagnenegosyo

Dapat pangasiwaan ang mga transaksyon sa paraang makatarungan, malinaw, at angkop, at saka sa ilalim ng malayang kompetisyon. Dapat panatilihin ang angkop at maayos na kaugnayan sa mga lupong politikal at mga ahensiya ng gobyerno.

1. Dapat igalang ang malaya at makatarungang kompetisyon, at dapat sundin ang may kaugnayan na mga batas at regulasyon gaya ng Anti-Monopoly Act at panloob na mga tagubilin.
2. Dapat pangasiwaan ang mga transaksyon sa angkop na mga tuntunin at kondisyon ayon sa maayos na pagpapatupad sa pagnenegosyo, at hindi dapat tanggapin ang anumang personal na pakinabang.
3. Dapat sundin ng ating mga business partner ang mga batas at regulasyon ng bawat bansa at panatilihin ang maayos at angkop na kaugnayan sa mga lupong politikal at mga ahensiya ng

gobyerno sa panahon ng paglalaan ng politikal na mga kontribusyon, mga regalo, paglilibang o mga benepisyo sa pera para sa mga opisyal ng gobyerno ng sarili o banyagang bansa, o sa ibang mga taong kahalintulad sa mga ito.

9. Pagpoprotekta sa Intelektwal na Pag-aari

1. Ang karapatan ng pagpoprotekta sa Intelektwal na Pag-aari na taglay ng o kabilang sa sariling kompanya at pag-iingat upang maiwasan ang paglabag sa mga iyon ng anumang third party.
2. Walang pagsasali sa anumang paglabag ng karapatan, bilang halimbawa, di-awtorisadong pagkuha o paggamit ng intelektwal na pag-aari gaya ng mga patente, mga utility model, mga pagdidisenyo, mga trademark, at mga kalakalang sekreto, di-awtorisadong paggamit ng software at di-awtorisadong pagkopya ng mga aklat, at iba pa.

10. Pangangasiwa sa Transaksyon sa Pag-export at Pag-import

1. Pagsunod sa lahat ng may kaugnayan na mga batas at regulasyon para sa pag-export at pag-import ng mga produkto at mga raw material, at iba pa.
2. Walang kaugnayan sa mga bansa at rehiyon, organisasyon o indibiduwal na nasa ilalim ng internasyonal na pagbabawal sa ekenomiya o sa negosyo may kaugnayan sa paglalaan ng mga pondo at mga bagay para sa mga produkto at raw material, o suweldo bilang konsiderasyon sa trabahador.

11. Pagpapasulong Upang Maging Supply Chain

Dapat pagsikapan ng aming mga business partner upang ang mga nagsusuplay sa kanila na umunawa at kumilos ayon sa Guidelines, at magsagawa ng follow-up at pag-aayos na kailangan sa pana-panahon.

12. Pagmomonitor

Pakikipagtulungan Upang Ipatupad ang Guidelines.

1. Pakikipagtulungan sa pagmomonitor sa programang dinisenyo upang matiyak ang kanilang pagsunod sa Guidelines, kung hihilingin.
2. Angkop na paghahanda at pagmamantini ng mga dokumentong magpapatunay at mga rekord ng pagganap na susuporta sa kanilang pagsunod sa Guidelines. Kung hihilingin, dapat isiwalat ang ganitong mga dokumento.
3. Kung mayroon, dapat gawin ang pamamaraan upang lutasin ang nahalatang di-pagsunod sa Guidelines.

III. Paggamit ng Guidelines

Kung matitiyak ang paglabag sa Guidelines, iyon ay maaaring humantong sa paghinto ng pagnenegosyo o sa pagtatapos ng pagkokontak.

Pinagsisikapan ng SEVEN&i Group na pasulungin ang halaga ng korporasyon ng kapuwa business partners at SEVEN&i Group sa pamamagitan ng pag-unawa sa tunguhin at pagpapatupad ng Guidelines, at kung kaya nagpapasalamat kami sa inyong pag-unawa at pakikipagtulungan.

Binuo noong Marso, 2007
Nirebisa noong Abril, 2017